Mga Karagdagang Tuntunin ng Adobe Generative AI

May bisa simula Hunyo 4, 2024.

Ang Mga Karagdagang Tuntunin na ito at ang Mga Alituntunin para sa User ng Adobe Generative AI na matatagpuan sa www.adobe.com/go/adobe-gen-ai-user-guidelines_ph ("**Mga Alituntunin**") ang mangangasiwa sa iyong paggamit ng mga feature ng generative AI sa aming Mga Serbisyo at Software at isinasama ang mga iyon sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na matatagpuan sa https://www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Karagdagang Tuntunin na ito, ang Mga Alituntunin, at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinatawag na "**Mga Tuntunin**"). Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin.

1. **Pagbuo ng Content.** Kapag gumagamit ka ng mga feature ng generative AI, maaaring hilingin sa iyong mag-input o mag-upload ng content, gaya ng isang audio file, video file, dokumento, larawan, o text (kasama ang anumang mga parameter ng output, gaya ng aspect ratio, estilo, atbp.) (na sama-samang tinatawag na "**Input**"). Ang Input ay gagamitin ng Mga Serbisyo at Software upang bumuo ng output, gaya ng isang larawan, text, mga text effect, vector graphic file, audio file, o video file, na ibibigay sa loob ng Mga Serbisyo at Software ("**Output**"). Ang Input at Output ay ang iyong Content (at hindi mga Content File o Sample File) at ang lahat ng probisyong sumasaklaw sa Content sa Mga Tuntunin ay naaangkop sa Input at Output. Ang mga feature ng generative AI, Input, at Output ay dapat na gamitin alinsunod sa Mga Tuntunin, na maaaring mabago sa paglipas ng panahon. Inilalaan ng Adobe ang karapatang bawasan, limitahan, suspindehin, o wakasan ang iyong karapatang gamitin o i-access ang mga feature ng generative AI anumang oras sa sarili naming pagpapasya nang walang paunang abiso sa iyo.

2. **Input.** Tanging ikaw ang responsable para sa iyong Input. Hindi ka dapat magsumite ng anumang Input na: (a) may kasamang mga trademark o iba pang mga materyales na protektado ng mga third-party na Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian, maliban kung may sapat kang mga karapatan sa naturang mga materyales; (b) inilalaan upang bumuo ng Output na malaki ang pagkakatulad sa obra ng isang third party na may copyright o kung hindi naman ay protektado ng mga third-party na Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian, maliban kung may sapat kang mga karapatan sa naturang obra; (c) naglalaman ng personal na impormasyon maliban kung sumusunod ka sa lahat ng batas at regulasyon sa pagprotekta at privacy ng data na naaangkop sa personal na impormasyon, kasama ang pagbibigay ng mga paunawa sa privacy at paghingi ng pahintulot, kung kinakailangan; (d) lumalabag sa naaangkop na batas; o (e) lumalabag sa Mga Tuntunin. Maaari naming awtomatikong i-block ang iyong Input, sa sarili naming pagpapasya, kung naniniwala kaming nilalabag nito ang mga karapatan ng isang third party, ang naaangkop na batas, o ang Mga Tuntunin.

3. **Output.**

    3.1. **Ang Iyong Mga Responsibilidad.** Tanging ikaw ang responsable sa paglikha at paggamit ng Output at sa pagtiyak na sumusunod ang Output sa Mga Tuntunin; gayunpaman ay maaari kaming gumamit ng mga available na teknolohiya, vendor, o proseso upang sumuri at mag-block ng Output na posibleng lumalabag sa naaangkop na batas, sa mga karapatan ng isang third party, o sa Mga Tuntunin, bago maihatid sa iyo ang Output. Itinatatwa ng Adobe ang lahat ng warranty, tahasan man o ipinapahiwatig, hinggil sa Output, kasama ang anumang ipinapahiwatig na warranty na hindi lalabagin ng Output ang mga karapatan ng isang third party o anumang naaangkop na batas. Bilang karagdagan, hindi ka dapat magtanggal o magbago ng anumang mga watermark o metadata ng Content Authenticity Initiative (hal., Mga Kredensyal ng Content) na posibleng mabuo kasama ng Output, o kung hindi naman ay subukang linlangin ang iba tungkol sa pinagmulan ng Output. Tingnan ang contentauthenticity.org para sa higit pang impormasyon.

3.2. **Kaangkupan ng Output.** Ang paggamit ng mga feature ng generative AI ay posibleng makagawa ng Output na hindi inaasahan o hindi angkop para sa ilang user. Maaaring maging hindi natatangi ang Output at ang ibang mga user ng mga feature ng generative AI ay maaaring makabuo ng pareho o katulad na Output. Posibleng hindi maging protektado ng mga Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian ang Output.

3.3. **Bawal ang AI/ML Training**. Hindi mo dapat gamitin ang anumang content, data, output o iba pang impormasyong natanggap o hinango sa anumang mga feature ng generative AI, kasama ang anumang mga Output, upang direkta o hindi direktang lumikha, mag-train, mag-test, o kung hindi naman ay magpahusay ng anumang mga machine learning algorithm o artificial intelligence system, kasama ang anumang mga arkitektura, modelo, o timbang, at hindi mo rin dapat hayaang gawin ng mga third party ang mga iyon.

3.4. **Mga Pagbubukod.** Alinsunod sa iyong pagsunod sa Mga Tuntunin, ang seksyon 8.2 (Pagbabayad-danyos) ng Mga Pangkalahatang Tuntunin ay hindi naaangkop sa Output na hindi text na nabuo mula sa mga text-based na Input. Halimbawa, hindi naaangkop ang seksyon 8.2 sa isang larawang Output na nagresulta mula sa isang text-based na Input na ibinigay sa feature na text to image ng Adobe Firefly.

4. **Mga Lisensya sa Adobe.** Naaangkop ang mga sumusunod na pagkakaloob ng lisensya kapag ginagamit mo ang mga feature ng generative AI ng Firefly.

4.1. **Mga Text-based na Input ng mga Libreng User**. Kung kasalukuyan kang wala bayad na subscription sa Mga Serbisyo at Software at nagsumite ka ng text-based na Input (kasama ang anumang mga setting ng disenyo, gaya ng estilo) sa isang feature ng generative AI, nagkakaloob ka sa amin ng isang hindi eksklusibo, walang-hanggan, hindi mababawi, pandaigdigan, at walang royalty na lisensyang gamitin, kopyahin, ipamahagi, baguhin, i-sublicense, gawan ng hangong obrang batay rito, ipakita sa publiko, itanghal sa publiko, o isalin ang isinumiteng Input at anumang kaugnay na mga Output para sa anumang layunin. Halimbawa, maaari naming gawing available sa publiko ang iyong mga Input at Output para sa ibang mga user at bigyang-daan ang mga user na iyon na gamitin ang mga Input o Output upang lumikha ng sarili nilang content. May bisa pa rin ang lisensyang ito kahit na winakasan o napaso na ang Mga Tuntunin. Kung ayaw mong ikaloob sa amin ang lisensyang ito, dapat kang bumili ng bayad na subscription sa Mga Serbisyo at Software.

4.2. **Gallery ng Firefly.** Bilang karagdagan sa nabanggit, kung nagsusumite ka ng Output sa gallery ng Firefly, na isang feature ng firefly.adobe.com, nagkakaloob ka sa amin ng isang hindi eksklusibo, walang-hanggan, hindi mababawi, pandaigdigan, at walang royalty na lisensyang gamitin, kopyahin, ipamahagi, baguhin, i-sublicense, gawan ng hangong obrang batay rito, ipakita sa publiko, itanghal sa publiko, o isalin ang isinumiteng Output at ang kaugnay na Input para sa mga layunin ng marketing at upang bigyang-daan ang ibang mga user ng Firefly na gamitin ang naturang Input at Output upang makabuo ng sarili nilang Output.

5. **Subscription sa Creative Cloud Generative Credit Add-on.** Para sa mga customer ng Creative Cloud na may subscription sa Creative Cloud Generative Credit Add-on ("Subscription sa Gen AI Add-on") sa pamamagitan ng VIP, VIP Marketplace, o VIP Custom, naaangkop ang seksyon 5 na ito. Ang iyong Software at Mga Serbisyo ay maaaring may kasamang mga feature ng generative AI na posibleng mangailangan ng mga generative credit. Ang mga generative credit ay nagbibigay-daan sa iyong bumuo ng mga Output batay sa mga Input na ibinibigay mo sa mga partikular na feature ng generative AI. Ang bilang ng mga credit na kinakailangan ay mag-iiba-iba batay sa uri ng generative feature na ginagamit at uri o bilang ng mga Output na binubuo (matuto pa rito). Sa iyong Subscription sa Gen AI Add-on, ang bilang ng mga generative credit na makikita sa subscription na binili mo ay nag-e-expire buwan-buwan batay sa Petsa ng Anibersaryo mo. Kada buwan, ire-reset ang iyong account nang may parehong bilang ng mga generative credit para sa panahon ng iyong Subscription sa Gen AI Add-on. Hindi naiipon ang mga generative credit na hindi nagamit. Ang anumang Subscription sa Gen AI Add-on ay hindi binibilang para sa isang Select o Volume Discount Level.

6. **Subscription sa AI Assistant for Acrobat Add-on.** Para sa mga customer na may subscription sa AI Assistant for Acrobat add-on, naaangkop ang seksyon 6 na ito. Ang iyong paggamit ng mga feature ng Acrobat generative AI ay pinangangasiwaan ng Patakaran sa Paggamit ng Acrobat Generative AI kung saan ang bawat user ay tinatalagahan ng mga Kahilingan. Sa iyong subscription sa AI Assistant for Acrobat add-on, ang bilang ng mga Kahilingan na makikita sa subscription na binili mo ay nag-e-expire buwan-buwan batay sa Petsa ng Anibersaryo mo. Hindi naiipon ang mga Kahilingang hindi nagamit. Ang mga Kahilingang ito ay hindi maaaring gamitin bilang kapalit o kasabay ng mga generative credit sa Creative Cloud.

7. **Pagbabayad-danyos sa Output ng Firefly**. Naaangkop lang ang seksyong 7 na ito kung ikaw: (1) ay isang customer ng Creative Cloud for teams o Creative Cloud para sa enterprise at (2) bumili ka ng Creative Cloud Pro Edition plan o Creative Cloud, Edition 4 plan na may kasamang pagbabayad-danyos sa Output ng Firefly ("**Kwalipikadong Plan**").

   7.1. **Mga Kahulugan**

      7.1.1. Ang ibig sabihin ng "**Affiliate**," para sa isang entity, ay sinupamang entity na kumokontrol sa, kinokontrol ng, o kasamang kinokontrol ng entity na iyon. Para sa mga layunin ng kahulugang ito, ang ibig sabihin ng terminong "kontrol" ay ang direkta o hindi direktang kapangyarihan na pamahalaan ang mga gawain ng isang entity sa pamamagitan ng hindi bababa sa 50% ng mga share, mga karapatan sa pagboto, pakikilahok, o pang-ekonomiyang interes sa entity na iyon.

      7.1.2. Ang ibig sabihin ng "**mga Kwalipikadong Feature ng Firefly**" ay ang mga feature ng Firefly na nakalista sa Paglalarawan ng Produkto ng Firefly.

      7.1.3. Ang ibig sabihin ng "**mga Kwalipikadong Surface ng Firefly**" ay ang Mga Serbisyo at Software na nakalista sa Paglalarawan ng Produkto ng Firefly na nagbibigay ng access sa mga Kwalipikadong Feature ng Firefly, na maaaring i-update ng Adobe sa paglipas ng panahon.

      7.1.4. Ang ibig sabihin ng "**Event ng Pag-export**" ay nag-provision ang isang user sa ilalim ng isang Kwalipikadong Plan na nagsagawa ng aksyon hinggil sa isang Output ng Firefly sa loob ng isang Kwalipikadong Surface ng Firefly ayon sa nakalista sa Paglalarawan ng Produkto ng Firefly, na maaaring i-update ng Adobe sa paglipas ng panahon.

      7.1.5. Ang ibig sabihin ng "**Paglalarawan ng Produkto ng Firefly**" ay ang paglalarawang matatagpuan sa helpx.adobe.com/ph_fil/legal/product-descriptions/adobe-firefly.html (o pamalit na URL nito), na maaaring i-update ng Adobe sa paglipas ng panahon.

      7.1.6. Ang ibig sabihin ng "**Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos**" ay Output na binuo bilang tugon sa isang Input kapag gumagamit ng mga Kwalipikadong Feature ng Firefly sa isang Kwalipikadong Surface ng Firefly at ibinibigay sa user pagkatapos ng Event ng Pag-export.

   7.2. **Ang Aming Tungkulin na Magbayad-danyos.** Sa kundisyon na ang Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay ginagamit alinsunod sa Mga Tuntunin, at sang-ayon sa seksyon 7.3 (Mga Kundisyon sa Pagbabayad-danyos), ipagtatanggol namin ang anumang habol, aksyon, o legal na proseso ng third party na ginawa laban sa isang tao o entity sa panahon ng Mga Tuntunin na nagsasaad na ang paggamit mo o ng iyong Affiliate ng Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay direktang lumalabag sa copyright, trademark, mga karapatan sa publisidad, o mga karapatan sa privacy ng third party ("**Habol sa Paglabag**"). Babayaran namin ang mga pinsala, pagkalugi, halaga, gastos, o sagutin na direktang maiuugnay sa isang Habol sa Paglabag at sa wakas ay iginawad ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon o

napagkasunduan sa isang nakasulat na kasunduan sa pag-aareglo na nilagdaan namin.

7.3. **Mga Kundisyon sa Pagbabayad-danyos.** Hindi kami magkakaroon ng anumang sagutin para sa anumang Habol sa Paglabag:

7.3.1. na nagmumula sa: (1) anumang pagbabago ng isang Output, kasama ang sa anumang Mga Serbisyo at Software; (2) anumang kumbinasyon ng isang Output at anupamang materyales, content, o impormasyon; (3) anumang paggamit ng Output na lumalabag sa Mga Tuntuning ito; (4) anumang paggamit ng Output pagkatapos ka naming atasan na ihinto ang paggamit nito; (5) anumang Output na nakabatay sa isang hindi text na Input, kung saan ang Input, kung mag-isa ito, ay nagdulot sana ng Habol sa Paglabag; (7) konteksto kung saan ginagamit ang Output; o kaya ay (8) anumang bagay na hindi audiovisual na content na ipinapakita o pine-play ng Kwalipikadong Feature ng Firefly, halimbawa ay anumang teknikal na metadata na maaaring gawin ng Kwalipikadong Feature ng Firefly gaya ng metadata ng file at mga parameter ng tugon sa query.

o kaya,

7.3.2. kung hindi mo magagawang: (1) abisuhan kami kaagad sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa Habol sa Paglabag pagkaalam o pagkatanggap ng abiso tungkol dito, hanggang sa kung saan kami ay may pagkiling sa pagpalyang ito; (2) bigyan kami ng makatwirang tulong gaya ng hinihiling para sa pagtatanggol o pag-aareglo ng Habol sa Paglabag; (3) bigyan kami ng eksklusibong karapatang kontrolin, at ng awtoridad na ayusin, ang Habol sa Paglabag; o kaya ay (4) pigilang gumawa ng mga pag-amin tungkol sa Habol sa Paglabag nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot.

7.4. **Limitasyon ng Pananagutan. Sa kabila ng anumang salungat dito na nilalaman ng Mga Tuntunin o ng anumang ibang kasunduan sa pagitan nating dalawa, ang aming kabuuang maximum na pinagsama-samang pananagutan hinggil sa mga Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay hindi kailanman lalampas sa US$10,000 kada (a) anumang Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos o (b) Habol sa Paglabag (o hanay ng mga magkakaugnay na Habol sa Paglabag). Sa kabila ng anumang naaangkop na batas ng limitasyon, ang anumang pagkilos o pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan ay dapat simulan sa loob ng dalawang taon mula sa pagkilos, kaganapan, o pangyayari na nagdulot ng habol.**

7.5. **Nag-iisa at Eksklusibong Remedyo.** Isinasaad ng nabanggit ang aming buong sagutin at obligasyon, at ang nag-iisa at eksklusibong remedyo mo, kaugnay ng anumang mga Output o Habol sa Paglabag.